Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IX
SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No:
Date: 29 SEP 2023
RELEASED

**Opisina ng Tagapamanihala ng Sangay**

Setyembre 26, 2023

Memorandum Pansangay
Blg. 423, 2023

**PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA PAGBASA AT PAG-UNAWA SA PAMBANSANG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA 2023**

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punongguro ng Elementarya
Mga Guro sa Filipino

1. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng **PAMBANSANG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA 2023**, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magkakaroon ng **PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA PAGBASA'T PAG-UNAWA** para sa Baitang 1, 2 at 3 sa darating na Nobyembre 24, 2023 ng umaga sa ikaapat na palapag ng opisina ng Sangay.

2. Layunin ng naturang gawain na maipalaganap ang kahalagahan ng pagbasa at mabibigyang-parangal ang mga pinakamagaling na mambabasa ng Sangay.

3. Magkasabay na gaganapin ang iba't ibang antas ng paligsahan ayon sa sumusunod:
   a) Pandistrito – Nobyembre 10, 2023
   b) Pang-klaster – Nobyembre 17, 2023

4. Hinihikayat na sasali sa Pandistritong Paligsahan ang mga pribadong paaralan.

5. Mahigpit pa rin na ipapatupad ang DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat: "*Instituting Measures to Increase Engaged Time On Task and Ensuring Compliance Therewith*", kaya, gawing integratibo sa mga asignatura ang mga gawain upang hindi maapektuhan ang akademikong oras.

6. Kalakip ng Memorandum na ito ang Pamantayan sa Paghahatol.

7. Ang pamasahe at iba pang gastusin ng mga kalahok at tagasanay mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pag-susuma at pag-oodit.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROY C. TUBALLA EMD, JD, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

*CIDads/2023 Pansangay Na Paligsahan Sa Pagbasa At Pag-unawa/DM 19-2023/09262023*

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Address: Capitol Drive, Estaka, Dipolog City 7100 Tel. No.: (065) 212- 5843
Email: zn.division@deped.gov.ph Website: www.depedzn.net
FB: DepEd Tayo- Schools Division of Zamboanga del Norte

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 423, serye 2023

Ang Pandistritong Paligsahan ay nasa pagpaplano at pamamahala ng Tagamasid Pampurok at Pandistritong Tagapag-uganay sa Filipino samantalang ang Pang-klaster na Paligsahan ay pangungunahan ng Tagamasid Pampurok na pangulo ng bawat klaster.

**Mga Pamantayan sa Paghahatol**

**PAGGALINGAN SA PAGBASA AT PAG-UNAWA**
**(Baitang 1, 2 at 3)**

| | |
|---|---|
| **1. Pag-unawa (Comprehension)** | **- 40%** |
| **2. Panukala (Voice Projection)** | **- 20%** |
| **3. Makabuluhang Paghinto** | **- 20%** |
| **4. Pagbibigkas ng mga Salita** | **- 20%** |
| | **-100%** |

Para sa Pansangay Na Paligsahan na isasagawa sa ikaapat na palapag ng opisina ng Sangay, ang mga maging tagakilos at komite ay pangungunahan ng *Division Management Team* ng Filipino at mga piling Punungguro na makatalaga para sa bawat baitang. Kilalanin ang bawat koponan ng mga hurado para sa bawat baitang sa susunod na Memorandum Pansangay na ipalalabas ng Sangay.

Ang mga Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino ay inaasahang maging katuwang ng Tagamasid Pampurok para sa pagpapadaloy ng naturang gawain.

Pinaalalahanan din ang mga Punong-abala na Tagamasid Pampurok sa Pang-klaster na Paligsahan na magsumite ng ulat sa mga panalo sa Nobyembre 21, 2023 sa email na anita.subebe001@deped.gov.ph gamit ang kalakip na template.

**OPISYAL NA LISTAHAN NG MGA PANALO**
**SA PANG-KLASTER NA PALIGSAHAN**
**PAGGALINGAN SA PAGBASA AT PAG-UNAWA**

**Klaster** ________ **Baitang:** ________

| Ranggo | Pangalan ng Kalahok | Paaralan | Distrito | Tagasanay |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

*Bigyang-pansin: Walang ***tie score***

Inihanda ni:

______________________________
Tserman ng Tagatala

Binigyang-pansin:

______________________________
Tagamasid Pampurok